

## INTERNATIONAL NAPASA (July 23th, 2024)

### 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

しょうなんひらつか  
湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa July 28 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

### 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

しょうなん  
湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa August 7 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **AVISPA FUKUOKA** . Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

### 3)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかし  
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa July 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

### 4)UKOL SA MGA NAGPAPADALA SA POST OFFICE PAPUNTA SA IBANG BANSA

がいこくへ  
外国へ郵便物を送る方のお知らせ

March 1, 2024 ang mga ipinapadala sa Post Office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa **"MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES"** at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa inyong ipadadala.

### 5)IMPORMASYON UKOL SA PAGESUSURI NG CANCER AT TUBERCULOSIS

## ガンと結核の検診のお知らせ

Ngayon ding taon ay magsasagawa ng pagsusuri ng **CANCER** at **TUBERCULOSIS** dito sa Hiratsuka City . Ang lugar at schedule ng Mass Screening ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City. Ang **CANCER SCREENING** sa may edad na 70 gulang pataas ay walang bayad. At libre naman ang lahat ng taong magpapa-**TUBERCULOSIS SCREENING**.

1. Ang bayarin sa pagsusuri ng **STOMACH CANCER** para sa 40 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1400**.
2. Ang bayarin sa pagsusuri ng **COLORECTAL CANCER** para sa mga taong may edad 40 taon pataas, ay nagkakahalaga ng **¥ 500**.
3. Ang bayarin sa pagsusuri ng **UTERINE CANCER** para sa mga kababaihang may 20 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1000**.
4. Ang bayarin sa pagsusuri ng **BREAST CANCER** na may edad na even number ay **¥ 2000**.

Para sa mga gustong magpasuri ay sagutan ang ipinadalang impormasyong “**Pagsusuri ng Cancer at Tuberculosis** sa bawat tahanan. Para sa iba pang katanungan ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng City Office. **Telephone No. 0463-55-3700 (0463-55-3700)**).